



PATNUBAY SA MISA

22 Abril 2018

Ika-4 na Linggo ng Pasko ng Pagkabuhay

Taon B

LINGGO NG MABUTING PASTOL

Hinirang Magpastol sa Bayan ng Diyos

Ngayon ay “*Linggo ng Mabuting Pastol*,” araw ng tanging panalangin para sa mga bokasyon ng mga pari, relihiyoso, at misyonero. Pinararangalan at pinasasalamatan natin, una sa lahat, si Hesus, ang “*Dakilang Mabuting Pastol*,” na nag-alay ng kanyang buhay para sa kaligtasan ng lahat ng tao. Pinararangalan, pinasasalamatan at ipinagdarasal natin ang mga “*nakababatang mabuting pastol*” na hinirang at sinugo ni Hesus mismo upang tumulong sa ating mga espirituwal na pangangailangan. Tungkulin din nating manalanging marami pa nawa ang tumugon sa paanyaya ng *Dakilang Mabuting Pastol* nang bukas-palad at buong katapatan.

Isama natin ang ganitong mga kahilingan sa ating ipagdiriwang na Eukaristiya ngayon.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Pag-ibig ng D'yos na tapat, sa daigdig ay laganap. Sa salita n'ya'y natatag kalangitan sa itaas. Aleluya ay ihayag!

Pagbati

P – Ang biyaya at kapayapaan ni Hesus, ang “*Dakilang Mabuting Pastol*,” ay sumainyong lahat!

B – At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P – Natitipon bilang kawan ng Diyos sa paligid ng *Dakilang Pinuno*, unawain nating sa tuwing tayo’y nagkakasala, katulad nati’y mga tupang nahiwalay sa kawan ng Diyos. Buong kababaang-loob nating aminin ang ating pagkamakasalanang at hilingin ang Kanyang pagpapatawad. (*Manahimik saglit.*)

P – Ikaw ang mabuting pastol na nag-alay ng buhay para sa amin. Panginoon, kaawaan mo kami!

B – Panginoon, kaawaan mo kami!

P – Kami ang mga tupang malimit maligaw ng landas. Kristo, kaawaan mo kami!

B – Kristo, kaawaan mo kami!

P – Kung minsan, nagkukulang kaming magpahalaga’t tumulong sa mga pastol na sinugo mong mamatnubay sa amin. Panginoon, kaawaan mo kami!

B – Panginoon, kaawaan mo kami!

P – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B – Amen!

Papuri

B – Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbu-

bunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataastaasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalangin Pambungad

P – Ama naming makapangyarihan, akayin mo kami upang kami’y mapabilang sa mga maliligayang kapiling mo sa kalangitan. Upang sa pagsunod namin bilang abang kawan, kami’y makarating sa sinapit ng pastol na idinangal na siyang namamagitan kasama

ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Gw 4:8-12

Sa harap ng Sanedrin, gaya ng dati niyang pagsasalita sa mga tao, si Pedro ay nagpapahayag na si Kristong ipinako sa krus at muling nabuhay ay siyang tanging bukal ng lunas at kaligtasan.

L– Pagpapahayag mula sa mga Gawa ng mga Apostol

Noong mga araw na iyon, nag-salita si Pedro, na puspos ng Espiritu Santo: “Mga pinuno, at matatanda ng bayan, kung sinisiyasat ninyo kami ngayon tungkol sa kabutihang ginawa namin sa lumpong ito at kung paano siya gumaling, talastasin ninyong lahat at ng buong Israel na ang taong ito’y nakatindig sa inyong harapan at lubusang gumaling dahil sa kapangyarihan ng pangalan ni Hesukristong taga-Nazaret. Siya’y inyong ipinako sa krus, ngunit muling binuhay ng Diyos.

Ang Hesus na ito, ‘ang batong itinakil ninyong mga tagapagtayo ng bahay, ang siyang naging batong panulukan.’ Kay Hesukristo lamang matatagpuan ang kaligtasan, sapagkat sa silong ng langit, ang kanyang pangalan lamang ang ibinigay ng Diyos sa ikaliligtas ng tao.”

Ang Salita ng Diyos!

B – Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 117

B–Batong dating tinanggiha’y siya pang naging saligan!

R. M. Velez



Ba-tong da-ting tinang-gi-ha’y s’ya



pang na-ging sa---li-gan!

* **O pasalamatang ang Diyos na Panginoon, pagkat siya’y mabuti; ang kanyang pag-ibig ay napakatatag at mananatili. Mabuting di hamak na doon sa Poon magtiwala**

ako, kaysa panaligan yaong mga tao. Higit ngang mabuting ang pagtiwala sa Poo’y ibigay, kaysa pamunuan ang ating asahan. **B.**

* **Aking pinupuri ikaw, Panginoon, yamang pinakinggan, dininig mo ako’t pinapagtagumpay. Ang batong natakwil ng nangagtatayo ng tirahang-bahay, sa lahat ng bato’y higit na mahusay. Ang lahat ng ito ang nagpamalasa ay ang Panginoong Diyos kung iyong mamasdan ay kalugud-lugod! **B.****

* **Ang pumaparito sa ngalan ng Poon ay pagpapalain; magmula sa templo mga pagpapala’y kanyang tatanggapin! Ikaw ay aking Diyos, kaya naman ako’y nagpapasalamat; ang pagkadakila mo ay ihahayag. O pasalamatang ang Diyos na Poon, pagkat siya’y mabuti; ang kanyang pag-ibig ay napakatatag at mananatili. **B.****

Ikalawang Pagbasa 1 Jn 3:1-2

Ang ating pagiging mga ampong anak ng Diyos kay Kristo ay dapat na maging bukal ng ating pinakadakilang kaligayahan sa buhay na ito at ng pag-asa sa buhay na sasapitin.

L– Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Juan

Mga pinakamamahal: Isipin ninyo kung gaano kalaki ang pag-ibig sa atin ng Ama! Tinatawag niya tayong mga anak ng Diyos – at iyan ang totoo.

Ito ang dahilan kung bakit hindi tayo nakikilala ng mga makasambutan; hindi nila kinikilala ang Diyos.

Mga minamahal, sa ngayon, tayo’y mga anak ng Diyos, ngunit hindi pa nahahayag ang magiging kalagayan natin. Gayunman, alam nating sa pagparitong muli ni Kristo, tayo’y matutulad sa kanya, sapagkat makikita natin siya sa kanyang likas na kalagayan.

Ang Salita ng Diyos!

B – Salamat sa Diyos!

Aleluya Jn 10:14

B – Aleluya! Aleluya!
Ako’y pastol na butihin. Kilala ko’ng tupang akin; ako’y kilala nila rin.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Jn 10:11-18

Noon pa mang unang panahon sa Simbahan, ang larawan ng “Mabuting Pastol” ay gamit na sa pagkagiliw at

pag-ibig ni Hesus sa lahat. Sa sipi ngayon, lalong tumitingkad ang ganitong larawan kung ihahambing sa isang bayarang walang malasakit sa mga tupa.

P– Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan

B– Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus: “Ako ang mabuting pastol. Iniaalay ng mabuting pastol ang kanyang buhay para sa mga tupa.

Ang upahan ay tumatakas, kapag nakikitang dumarating ang asong-gubat. Iniwan niya ang mga tupa, palibhasa’y hindi siya pastol at hindi kanya ang mga tupa. Kaya’t sinisila ng asong-gubat ang mga ito, at pinangangalat. Tumatakas siya palibhasa’y upahan lamang at walang malasakit sa mga tupa.

Ako ang mabuting pastol. Kung paanong nakikilala ako ng Ama at siya’y nakikilala ko, ngayon din naman, nakikilala ko ang aking mga tupa at ako nama’y nakikilala nila. At iniaalay ko ang aking buhay para sa mga tupa. Mayroon akong ibang tupa na wala sa kulungang ito. Kinakailangang sila’y alagaan ko rin; pakikinggan nila ang aking tinig. Sa gayo’y magiging isa ang kawan at isa ang pastol.

Dahil dito’y minamahal ako ng Ama, sapagkat iniaalay ko ang aking buhay, upang ito’y kunin kong muli. Walang makakukuha nito sa akin; kusa ko itong ibinigay. Mayroon akong kapangyarihan ibigay ito at kunin uli. Ito ang utos na tinanggap ko sa aking Ama.”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B– Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos

Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P –Tayo ang kawang ginagabaya't iniingatan ni Hesus, ang Mabuting Pastol na nag-alay ng kanyang buhay para sa atin. Lubos na nananalig sa kanyang pag-ibig, manalangin tayo sa kanya:

B –Hesus na Mabuting Pastol, dingging ang aming panalangin!

* Para sa Simbahan, na kawan ng Diyos dito sa lupa: Nawa tuwina siyang maging halimbawa ng pagkakaisa, pagtutulungan, at pagmamahalan sa pangangalaga ng mga kinatawan ng Diyos. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga namumuno sa Simbahan – ang Santo Papa, mga obispo, at mga pari: Nawa sila'y maging mabubuting pastol, lubos na tapat sa kapakanan at kaligtasang walang hanggan ng kanilang kawan. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga tapat na laiko: Nawa mahal inila ang kanilang mga pastol at malasap nawa nila ang masuyong kalinga ng Diyos sa pamamagitan ng mga ito. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa lahat ng magulang, guro, at ibang taong may pananagutan sa iba: Nawa lagi nilang alalahanin ang kahalagahan ng kanilang tungkulin at tupdin ito nang buong katapatan. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga kabataang Katolikong tinatawag sa pagpapari o buhay relihiyoso: Nawa bukaspalad silang tumugon sa paanyaya ng Panginoon at ihandog ang buhay nila sa kabutihan ng bayan ng Diyos. Manalangin tayo! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahalilingan. (*Tumigil saglit.*)

Manalangin tayo! **B.**

P –Hesus na mapagmahal, inialay mo ang iyong buhay upang iligtas kami sa masama at akayin tungo sa buhay na walang hanggan. Tulutan mong pahalagahan namin ang kaligtasang iyong tinamo para sa amin at laging sumunod sa iyo, aming Dakilang Pastol, na nabubuhay at naghahari magpakailanman.

B –Amen!

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN



P –Manalangin kayo . . .

B –Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P –Ama naming Lumikha, ipagkaloob mong kami ay magalak sa pagdiriwang ng Pasko ng Pagkabuhay ng iyong Anak upang ang ginagawang patuloy na pagsagip sa amin ay maging sanhi ng aming ligayang walang maliw sa pamamagitan ni Hesuskristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B –Amen!

Prepasyo ng Pagkabuhay III

P –Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatang ngayong ipinagdiriwang ang paghahain ng Mesiyas, ang maamong tupa na tumubos sa aming lahat.

Naghahaing walang humpay ang Anak mong minamahal upang magkasalu-salo ang tanan sa piging ng iyong buhay. Hindi na mamamatay ang inihain sa krus. Ang sa krus ipinako'y buhay lagi bilang handog.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B –Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B –Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.

PAKIKINABANG



B –Ama namin . . .

P –Hinihiling namin . . .

B –Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B –Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinaabang

P –Ito si Hesus, ang Mabuting Pastol. Siya ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B –Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinaabang

(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

Aleluya! Nabuhay din ang Pastol nating butihing namatay para sa atin, sarili n'ya'y inihain upang tayo ay buhayin.

Panalangin Pagkapakinabang

P –Ama naming mapagmahal, ikaw ang Butihing Pastol na nagtaguyod sa amin kaya't kaming kawan mo ay iyong tangkilikin. Pakundangan sa dugo ng Anak mong dumanak upang kaming lahat ay iyong mailigtas, marapatin mong kami'y makarating sa pastulan na inilalaan mo sa amin ngayon at kailanman, sa pamamagitan ni Hesuskristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B –Amen!

PAGWAWAKAS



P –Sumainyo ang Panginoon.

B –At sumaiyo rin!

P –Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (*Manahimik saglit.*)

Sa pamamagitan ng muling pagkabuhay ng Kanyang Anak, tinubos kayo ng Diyos at ginawa kayong Kanyang

mga anak. Puspusin nawa kayo ng kagalakan.

B – Amen!

P – Binigyan kayo ng kalayaan magpakailanman. Kamtin nawa ninyo ang kanyang buhay na walang hanggan.

B – Amen!

P – Sa pananampalataya nabuhay kayong kasama ni Kristo sa

bautismo. Magpakabanal nawa kayo sa inyong pamuhay upang makasama ninyo siya magpakailanman.

B – Amen!

P – Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B – Amen!

P – Humayo kayo sa kapayapaan

upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon.

B – Salamat sa Diyos!



Pagmamahal Hanggang Kamatayan

Palibhasa gawisa buhay-pastol, nawiliang bayang Israel sa pagturing sa Panginoon bilang kanyang dakilang “Pastol.” Ipinahahayag ng mga debotong Judio ang kanilang pananalig sa kalinga ng Diyos sa pag-awit: “*Ang Panginoon ang aking Pastol, hindi ako magkukulang. . . hindi ako matatakot.*” (Aw 23:1.4)

At inalagaan nga ng Panginoon ang Kanyang “kawan” sa lahat ng bagay. Gayunman, sa maraming pagkakataon, ipinagkatiwala Niya ang karaniwang pangangalaga sa mga taong “pastol”: mga pulitiko at relihiyosong pinuno ng Kanyang bayan. Sila ang mga inaasahang maging mga *tanda* at *kasangkapan* ng tuwinang makaamang malasakit ng dakilang Pastol para sa Kanyang bayan.

Gayunman, ang mga pinuno ay malimit ding napasamang mga pastol na nangalaga muna sa kani-kanilang sarili habang naging marahas naman sa kanilang mga tupa. (*Sangguniin Ez 34:3-6.*) Nagbanta ang Panginoong paaalisin ang masasamang pastol at nangakong personal Niyang aalagaan ang Kanyang kawan. (*Sangguniin Ez 34:11-16.*)

Natupad ang gayong pangako kay Hesukristo, ang Anak ng Diyos na naging tao. Sa kanyang maikling panahong inilagi rito sa lupa, sa pamamagitan ng kanyang mga turo, mga himala, at kanyang magiliw na kabaitan, si Hesus ay nagpakita sa maraming pagkakataon kung paanong dapat alagaan ng isang mabuting pastol ang kanyang kawan. Inabot pa nga niyang ialay ang kanyang buhay para sa kanyang mga tupa, at sa gayo’y nagpakatotoo sa pagiging isang “mabuting pastol,” na siya rin ang naglarawan. (*Sangguniin Jn 10:11.*)

Nang siya’y muling nabuhay, hindi nalimutan ni Hesus ang kanyang “munting kawan” ng mga takot na disipulo. Pagkat batid ni Hesus na hindi na siya makikitang kasa-kasama pa nila, inihabilin niya sila sa pangangalaga ni Pedro, ang punong pastol (*sangguniin Jn 21:15-17*), at sa lahat ng ibang apostol (*sangguniin Mt 28:19-20*), at sa kanilang mga kasunod. Sila’y inaasahang mangalaga sa buong kawang ipinagkatiwala sa kanila ng Espiritu

Santo. Inaasahang papastulan nila ang “Simbahan ng Diyos na Kanyang tinubos sa pamamagitan ng kamatayan ng Kanyang sari-ling Anak” (Gw 20:28).

Hindi ito madali. Sa katunayan, maaari itong maging napakahigpit, kung tototohanin ninuman ang kanyang tungkulin at tutularan niya ang katapatan ni Kristo. Sa kasaysayan ng Simbahan ay kay raming magagandang halimbawa ng mga espirituwal na pastol na nagbuwis ng kanilang buhay alang-alang sa kabutihan o sa pagtatanggol ng kanilang kawan. Si Obispo Romero ng *El Salvador* ay isa sa mga ganitong bayani ng makabagong panahon. Si Padre Charlito Colendres, na namatay sa pagsisikap mailigtas ang mga nalulunod na biktima ng biglaang pagbaha sa Timog Luzon noong 2004, ang ating “bayaning pastol” sa bayan natin.

Dapat nating ipanalanging padalhan tayong Panginoon ng marami pang pastol na tulad nilang magpapatunay sa lahat na si KRISTO, ang MABUTING PASTOL, ay buhay pa rin at nagmamalasakit. At kailanma’t tumutugon sila sa inaasahan ng Dakilang Pastol, minsan pang nadarama ng kanilang maliit o malaking kawan ang nakapagli-lichtas na pamamalagi ng Nabuhay na Panginoon sa kanilang piling.

DESTINED FOR GREATNESS
NEW EVANGELIZATION CONFERENCE
ADMISSION IS FREE MAY 19, 2018

CUNETA ASTRODOME, PASAY CITY • 8AM - 5PM

To register, log on to <http://bit.ly/2018NEC>
or contact Madel Punzalan at (02) 726-7989

[f livesharechrist](#) [i livesharechrist](#) [t @livesharechrist](#)



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, G. Ramos, V. David, J. Domingo, A. Adsuara, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Marketing: Fr. B. Nolasco and T. Mojica • Circulation: R. Saldua